



PAMBANSANG

ARAW NG PAGHINGI NG TAWAD

PEBRERO 13 2023

Kasaysayan:

Mahigit 60,000 taong gulang na ang Kwento ng Kauna-unahang Mga Tao ng Nasyon o First Nation's People's. Alam ng Kauna-unahang Mga Tao ng Nasyon kung sino sila, at kung saan sila nabibilang. Gayunpaman, nagambala at napinsala ng maraming henerasyon ng trauma ang kultura nito na nagpapatuloy pa rin hanggang sa ngayon.

Samakatuwid, minarkahan ng kaganapang ito ang anibersaryo ng Paghingi ng Tawad sa Mga Katutubo ng Australia sa Kapulungan ng Mga Kinatawan noong Pebrero 13, 2008 ng dating Punong Ministro, na si Kevin Rudd, na humihingi ng paumanhin para sa mga nakaraang batas, patakaran at kasanayan na nakaapekto sa Kauna-unahang Mga Tao ng Nasyon ng Australia, partikular na ang mga miyembro ng Stolen Generations.

Sinuportahan ng Oposisyon ang mosyon at dumaan sa parehong kapulungan ng Parlyamento; Nagbigay ng pormal na tugon si Brendan Nelson (dating Pinuno ng Oposisyon).

Maraming miyembro ng Stolen Generations ang naroroon sa Kamara para marinig ang Paghingi ng tawad at libu-libo pa ang pumuno sa Great Hall of Parliament House at dumayo para panoorin ito sa malalaking screen.

Nai-broadcast ang Paghingi ng tawad sa buong Australia.

Teksto ng Paghingi ng Tawad sa Stolen Generations
Inihatid ni Punong Ministro Kevin Rudd

Sinisimulan ko:

Na ngayon ay pinaparangalan namin ang Mga Katutubo ng lupaing ito, ang pinakamatandang patuloy na kultura sa kasaysayan ng tao.

Isinaalang-alang namin ang kanilang nakaraang pagmamaltrato.

Nagmumuni-muni kami lalo na sa pagmamaltrato sa Stolen Generations—na kung saan ay nagdungis ito ng kabanata sa kasaysayan ng ating bansa.



Dumating na ngayon ang oras para sa bansa na buksan ang isang bagong pahina sa kasaysayan ng Australia sa pamamagitan ng pagwawasto sa mga pagkakamali ng nakaraan at nang sa gayon ay makapagpatuloy nang may kumpiyansa sa hinaharap.

Humihingi kami ng tawad para sa mga batas at patakaran ng magkakasunod na Parlyamento at gobyerno na nagdulot ng matinding kalungkutan, pagdurusa at pagkawala sa mga kapwa nating Australiano.

Humihingi kami ng tawad lalo na para sa pag-aalis ng mga batang Aboriginal at Torres Strait Islander mula sa kanilang mga pamilya, kanilang mga komunidad at kanilang bansa.

Para sa sakit, pagdurusa at pananakit nitong mga Stolen Generation, kanilang mga inapo at para sa kanilang mga pamilyang naiwan, humihingi kami ng paumanhin.

Sa mga nanay at tatay, mga kapatid, para sa pagkawasak ng mga pamilya at komunidad, humihingi kami ng paumanhin.

At para sa kahihiyan at pagkasira na naidulot sa isang maipagmamalaking tao at isang maipagmamalaking kultura, humihingi kami ng paumanhin.

Kaming Parlyamento ng Australia ay taos-pusong humihiling na matanggap ang paghingi ng tawad na ito sa diwa kung saan ito ay iniaalay bilang bahagi ng pagpapagaling ng bansa.

Para sa kinabukasan tayo'y nagsisikap; paglulutas na ang bagong pahinang ito sa kasaysayan ng ating dakilang kontinente ay maaari na ngayong isulat.

Ginagawa natin ngayon ang unang hakbang na ito sa pamamagitan ng pagkilala sa nakaraan at pag-aangkin sa hinaharap na sumasaklaw sa lahat ng Australiano.

Isang hinaharap kung saan ipinasiya ng Parlyamento na ang mga kawalang-katarungan ng nakaraan ay hindi na dapat, at hindi na pwedeng maulit pa. Isang hinaharap kung saan gagamitin natin ang determinasyon ng lahat ng Australiano, Katutubo at hindi Katutubo, na isara ang agwat sa pagitan natin sa pag-asa sa buhay, tagumpay sa edukasyon at pagkakataong pang-ekonomiya.

Isang hinaharap kung saan tinatanggap natin ang posibilidad ng mga bagong solusyon sa pagtitiis ng mga problema kung saan nabigo ang mga lumang pamamaraan.

Isang kinabukasan batay sa paggalang sa isa't isa, pagpapasya ng isa't isa at responsibilidad ng isa't isa.

Isang kinabukasan kung saan ang lahat ng Australiano, saanman ang kanilang pinagmulan, ay tunay na pantay na kaakibat, na may pantay na oportunidad at may pantay na taya sa paghubog sa susunod na kabanata sa kasaysayan ng dakilang bansang ito, ang Australia.